# MAG-RENOVATE NA LIGTAS SA LEAD

**Protektahan ang iyong sarili at ang iyong pamilya mula sa pagkakalantad sa lead sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kaalaman sa mga posibleng pinsala habang may mga proyekto ng renovation sa bahay.**

**~34.6 MILYONG MGA TAHANAN** sa Estados Unidos ang may lead-based na pintura saan man sa gusali.*

Kung ang bahay mo ay ginawa bago ang taong 1978, ang iyong proyekto ng renovation ng bahay ay maaring mapanggagalingan ng mapinsalang alikabok na lead. Ito ay isa sa pinaka karaniwang paraan kung saan maaaring malantad ang mga bata sa lead. Ayon sa pag-aaral, kahit ang mababang antas ng lead ay maaring makaapekto sa katalinuhan ng bata, kakayahan sa konsentrasyon at pag-aabot sa inaasahan sa edukasyon. Hinihikayat ng EPA ang sinumang gustong mag-renovate ng bahay na tinayo bago ang 1978 na gumamit ng certified contractor sa pagtanggal na materyal na may lead. Gayunman, kung plano mong gawin ito mag-isa, may mga simple at mahahalagang hakbang na dapat mong isaalang-alang para maging ligtas ka at pati na rin ang iba habang at makalipas ang renovation.

**U.S. Department of Housing and Urban Development, Office of Lead Hazard Control and Healthy Homes. (2021, October). American Healthy Homes Survey II Lead Findings.*

## Ikinokonsidera ang isang proyekto ng renovation ng bahay?

**Ang chart na ito ay makakatulong sa iyong manatiling ligtas sa lead habang ikaw ay nagre-renovate:**

**Ikaw ba ay nakatira sa isang bahay na ginawa bago ang 1978?**

- Oo → Puwede mong ikonsidera na may lead-based na pintura o kumuha ng isang certified lead inspector para tingnan kung may lead-based na pintura.
- Hindi ako sigurado → Puwede mong ikonsidera na may lead-based na pintura o kumuha ng isang certified lead inspector para tingnan kung may lead-based na pintura.
- Hindi → Ang mga proyekto ng renovation ng bahay ay di marahil magdudulot ng mapanganib na alikabok na may lead.

Puwede mong ikonsidera na may lead-based na pintura o kumuha ng isang certified lead inspector para tingnan kung may lead-based na pintura. →

- Inirerekumanda ng EPA ang pagkuha ng isang lead-safe certified na contractor para gawin ang trabaho. Makakahanap nito sa: www.epa.gov/lead/findacontractor
- Ako mismo ang gagawa ng trabaho at mapapanatili kong ligtas ang aking pamilya sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang para sa ligtas sa lead.

## Mga hakbang para sa ligtas sa lead na sariling paggagawa (DIY)

### Ligtas na I-setup

✓Siguraduhin na di lalabas ang alikabok. Panatilihing nasa labas ang hindi kasali sa trabaho.

✓Maingat na lagyan ng tape ang lugar kung saan ka magtatrabaho at gumamit ng plastic sheeting para takpan ang mga gamit na hindi mo maaalis o malilipat.

### Protektahan ang Iyong Sarili

✓ Iwasan na langhapin ang alikabok ng lead, at magsuot ng damit na proteksyon tulad ng mga disposable na coverall, mga shoe cover at isang N-100 certified respirator mask para maiwasan ang pagdadala ng alikabok na may lead sa labas ng area kung saan nagtatrabaho.

### Pakontiin ang Alikabok

✓ Gumamit ng tamang equipment para mapakaunti ang alikabok habang ikaw ay nagtatrabaho. Ang plastic sheeting, masking tape, heavy-duty plastic bags at misting bottle ay makakatulong sa iyo sa pagkokolekta at pagtatapon ng lahat ng alikabok.

### Iwanang Malinis ang lugar kung saan ka Nagtrabaho

✓ Linisin ang lugar kung saan ka nagtatrabaho habang gamit mo ang HEPA vacuum cleaner ng madalas at araw-araw na paglilinis ng iyong tools.

✓ Iwanang malinis ang lugar ng trabaho at sa katapusan ng araw.

### Kontrolin ang Iyong Basura

✓ Ilagay sa bag at isara ng mabuti ang dumi na galing sa mga proyekto ng DIY na renovation.

✓ Ang karamihang dumi na mula sa mga aktibidad na ito ay dapat dalhin sa isang may lisensyang solid waste landfill.

### Linisin ng Isa Pang Beses

✓ Makalipas na makumpleto ang iyong DIY na proyekto at bago pahintulutan na bumalik ang mga tao muli sa lugar ng trabaho, linisin ang lahat ng mga surface gamit ang mamasa-masang mga disposable na basahan.

✓ Ikonsiderang ipasuri ang area para sa alikabok na may lead sa isang certified na kompanya.

EPA

Ang dokumentong ito ay nagpapakita ng malawakang pananaw sa mga pamamalakad para sa ligtas sa lead na trabaho. Para sa detalyadng impormasyon tungkol sa mga pamamaraan na ligtas sa lead, mangyaring bumisita sa https://www.epa.gov/lep/mga-ligtas-sa-lead-na-renovation-para-sa-mga-mahilig-sa-diy.